Para sa tagapangalaga ng batang magisimulang papasok sa elementarya ngayong Abril

# Pagsalubong sa pasukan na panatag ang kalooban



## Humayo tayong naniniwala sa taglay na galing at potensiyal ng bata at tanggapin natin kung paano siya lumaki at natuto

### Pakinggan nang mabuti ang sinasabi ng mga bata

Pakinggan nang mabuti ang sinasabi ng mga bata. Mapapanatag ang mga bata na "naiintindihan ako" At matututo silang makinig nang mabuti sa ibang tao at malalaman nila ang sarap sa pakiramdam na naiintindihan siya at naiintindihan niya ang ibang tao.

### Pangalagahan natin ang determinasyon ng bata

Pahhalagahan ang determinasyon ng bata. Palakasin natin ang kanyang loob para magtagumpay gamit ang ang sariling kakayahan. Matututo siyang maniwala sa kanyang kakayahan at titibay ang kanyang determinasyon.

### Protektahan natin ang bata

Kung hindi naganap ang gusto ayon sa gusto o kaya nabigo, ang bata ay mag-iisip ng bagong paraan para magtagumpay ito. Dito, tahimik natin siyang bantayan. Mahalagang bigyan siya ng pagkakataong umintindi at makapag-isip ng mabuti para siya ay matuto at lumaki.

Grade 1 sa elementary school

# Ang kalagayan ng paaralan sa unang araw ng pasukan

Ang paaralan ay nagtataguyod ng programang pag-iwas sa “Close-contact,” “Crowded places,” at “Closed spaces” para maiwasan ang pagkalat ng bagong Corona Virus. Magkaganoon pa man, ninanais ng paaralan na ang mga batang papasok sa paaralan ay makakaramdam ng kasiyahan, kagalakan na magkaroon ng maraming kaibigan, at magkaroon ng panatag na kalooban sa simula pa lang ng unang araw ng pasukan.

**Start Curriculum**
pagyamanin ang paraan ng pagpapalaki at paraan ng pagkatuto

## Pagpasok - Unang klase

### Mga binagong gawain sa paaralan para manatiling ligtas sa simula ng pasukan (Nakayoshi Time)



Ligtas kaming papasok sa paaralan. Protektado kami ng nagbabantay na prinsipal.



Naging magkaibigan kami sa gawaing pagdugtong-dugtong ng gawa naming origami.



Pinakilos ko nang maigi ang aking katawan sa gym nang naglaro ng charades at ng rhythm shiritori.

## Unang klase - Ika-4 na klase

### Kabuuang pag-aaral na nakatutok sa Life Environment Studies (Wakuwaku Time)




Maraming classroom at teacher sa paaralan!
Marami akong nakitang mga insekto o hayop. Ang sayang lumibot sa paaralan!




### Pag-aaral na nakatutok sa curriculum (Gungun Time)




Tinuturuan kami ng guro magbasa, magsulat at magkalkula.

* Ang Nakayoshi Time, Waku Waku Time, Gungun Time ay maaaring maiba ang tawag depende sa paaralan.




**Mga paksa na pag-aaralan sa grade 1**

- Wikang Hapon • Matematika • Life Environment Studies
- Musika • Sining
- P.E. • Espesyal na Gawain
- Kagandahang-asal
- Yokohama International Communication Activities (YICA)

## School Lunch, Paglilinis, Ika-5 na klase, Uwian



Ipinapaubaya sa aking ang pag-serve ng pagkain at side dish dahil ginagawa ko rin ito sa bahay at kindergarten.

May mga paaralang sabay-sabay kung papasok at pauwi sa simula ng pasukan. Hindi lamang ang mga guro, pati na rin ang mga PTA at mga boluntaryo na naninirahan sa lugar ay nagbabantay upang makauwi nang ligtas ang mga bata hanggang sa sila ay masanay sa elementary school.

## Pagkatapos ng klase


Makakapag-enjoy sila ng pagsasamahan ng mga bata mula sa ibang grado.
(Afterschool Kids Club)

### Pasilidad para sa mga bata pagkatapos ng eskuwela (Afterschool Kids Club)

Sa Yokohama City, lahat ng paaralan ay may Afterschool (Kids). May dalawang kategorya ang “kids” , isa ay para sa mga batang maglalaro (kategorya 1) at isa para sa mga batang maiiwan sa paaralan dahil wala ang mga tagapangala sa bahay dahil sa trabaho (kategorya 2). Ang kategorya 1 ay “asobiba laro” at kategorya 2 ay “seikatsu no ba o pamumuhay” . Piliin ang alin sa dalawa ang angkop para sa ikakapanatag ng inyong kalooban.

Mayroon ding "Afterschool Children's Club (Gakudo Hoiku)" sa labas ng paaralan depende sa lugar, at maaaring pumunta rito ang mga batang wala ang tagapag-alaga sa bahay dahil sa trabaho at iba pa, pagkatapos ng klase. Dito ay maaari silang makapagpalipas ng oras nang ligtas at may homely atmosphere.pagkatapos ng klase."

Layuning pagpapa-unlad ng tao ng edukasyon ng Yokohama (mula sa "Yokohama Education Vision 2030")

## Ang kinabukasan ay hawak ng taong may pagkukusa para matuto at nakikiisa sa lipunan.

Sa Yokohama, nais naming lumaki ang mga bata na taglay ang limang katangian ito; kaalaman (kaalaman para mabuhay), ( moralidad (pusong puno ng kabutihan), katawan (malusog na katawan), lipunan (malasakit sa lipunan), bukas (bukas ang kaisipan sa hinaharap), at iaangkop ang bawat punto sa sitwasyong kinahaharap.




Kaalaman at Kasanayan

Kakayahan para sa pag-aaral, pagkatao

Kakayahan sa pag-iisip, pagpapasiya, pagpapahayag, atbp.





Ipinapatupad sa mga paaralan sa lungsod ng Yokohama ang **"Panimulang Curriculum"** para sa maayos na pagsimula ng pasukan para sa kanilang makinis na paglipad mula sa edukasyon ng pre-school.
Ipapakita ng mga bata ang mga kakayahang nalinang nila sa pre-school, sisimulan ang pagpasok nila sa paaralan nilang may kumpiyansa, at lilinangin ang mga kakayahan sa pag-aaral nang kusang loob.

**Papangalagaan ang kasarinlan at kabutihan ng mga bata.**





**Ang mga bata sa pre-school ay natututunan ang kaalaman at kasanayan sa mga kakayahan na kinakailangan sa buhay sa kanilang paglalaro. Nalilinang din ang kanilang kakayahang mag-isip, pati na rin ang kahalagahan ng mga alituntunin at pagbibigay konsiderasyon sa kanilang kapwa.**

Damahin
Intindihin
Kayanin

Magtiyaga at magsikap para sa mga nais tuparin

Mag-isip
Sumubok
Mamaraan

* Makakatulong sa pag-aaral sa elementary ang mga kakayahang nakuha noong pre-school

### Pagbati

Ang pagbati ay isang mahalagang hakbang upang makagawa ng kaugnayan sa pamilya o mga tao sa paligid.
Magiging makasanayan ng bata ang pagbati kung ito ay gingawa ng mga tao sa kanyang paligid.




### Kaugaliang pamumuhay

Ang maagang pagtulog at paggising at ang almusal ang pinagkukunan ng sigla ng isang aktibong bata.
Kailangang maayos ang orasan ng katawan para sa malusog na katawan at kaisipan.



**Magiging pundasyon ng bata sa kanyang paglaki ang kinalakhang pamilya na may tatag at payapa.**



Edukasyon mula sa elementary school
Pag-aaral sa pamamagitan ng paksa at iba pa
Maayos na paglipad
Edukasyon ng pre-school (kindergarten, nursery, at child care center-Nintei Kodomo-en)
Pangkalahatang pag-aaral gamit ang paglalaro
Pag-aalaga ng sanggol
Pamilya

# Samasama ang pamilya, nursery, kindergarten, paaralan at barangay para suportahan ang paglaki ng mga bata

# Mga madalas na katanungan tungkol sa pagpasok sa paaralan.

## Q Saan ako saan ako maaaring kumonsulta Kapag nag-aalala ako tungkol sa bata?

Kung nag-aalala na baka hindi makasunod ang bata dahit hindi ito mapalagay sa klase, o hindi ito marunong makipagkaibigan, atbp, maaring makipag-usap sa nursery school o kindergarten na pinapasukan. Tutulungan nila kayong mag-isip ng paraan para siya ay maging handa sa darating na pasukan at kung kinakailangan, ipapakilala kayo sa institusyon na makakatulong para sa maayos na pagpasok sa paaralan.

Gayundin, kung may alalahanin sa ibang bagay maliban sa pagpasok sa paaralan, maaring makipag-ugnayan sa papasukang paaralan at maghahanda sila ng espesyal na guro para suportahan ang bata sa kanyang pag-aaral.

## Q Dapat bang marunong magbasa at magsulat ang bata bago magpasukan?

Hindi kailangang marunong sumulat at bumasa ang bata bago ito pumassok sa paaralan dahil dito sila ay matututo ng wikang Hapon at tuturuan ng tamang paraan ng pagsulat, tamang paghawak ng panulat at tamang postura at iba pa. Lamang, mas mabuti kung alam ng bata kung paano isulat at basahin ang kanyang pangalan para panatag ang kanyang kalooban. Sa paaralan, ang mga bata ay mag-aaral sumulat at bumasa, makipag-usap sa kapwa estudyante, at masiyahan habang ginagawa ang mga ito. Ang mga batang nasa ganitong edad ay interesado sa mga salita at mga numero kaya' t habang maaari, basahan sila ng mga kuwento at hayaan silang magkuwento tungkol sa kanilang pinapasukang kindergarten o nursery. Palaguin natin ang kanilang interes, "Gusto kong magbasa o magsulat", gamit ang mga karaniwang bagay na matatagpuan sa loob ng tahanan.

## Q Maaari bang kumonsulta tungkol sa school lunch tulad ng mapili sa pagkain, mabagal kumain, may allergy sa pagkain, atbp.?

Sa paaralan, maghahanda ng iba' t-ibang pagkain para ang mga bata ay masasarapan at matutuwang kumain. Sa simula, may pagkakaiba sa bilis at dami ng pagkaing makakain ng bawat mag-aaral. Dito, habang hindi pa sila ganap na sanay sa school lunch, bibigyan sila ng mas maluwag na oras kumpara sa mas mataas na grado hanggang sa sila ay masanay.

Kung may problema sa allergy o bagay na hindi makakain, bago pumasok, sumangguni sa paaralang papasukan at komunsulta rin sa doktor sa school check-up na gagawin sa paaralan bago magsimula ang pasukan. Magluto rin ng iba' t-ibang uri ng pagkain para masanay ang bata at kumain ng sabaysabay para isipin ng bata na masaya ang gawaing ito.



**<<Lunch Menu ng isang araw>>**
Kanin • Pork soup • Pinakuluang isda • Instant pickles • Gatas

## Q Ano ang ginagawa ng mga bata pagkatapos ng paaralan (Afterschool)?

May "afterschool kids club (kids)" sa paaralan at "afterschool children's club" na pinangangasiwaan ng mga volunteer na mga tagapangalaga at mga mamamayang naninirahan sa lokalidad. Dito, sama-samang maglalaro ang mga bata ng iba' t-ibang grado sa iba' t-ibang silid sa loob ng pasilidad o sa labas (school ground). Dito rin, maaring manatili ang mga batang walang ang mga tagapangalaga sa bahay sa oras na ito at dito, ang mga bata ay maaring magbasa ng mga libro, gumawa ng mga takdangaralin, at magmeryenda.
Para sumali, makipag-ugnayan sa bawat "club" na nais pasukan o di naman sa Children and Families Support Section sa inyong ward office o puntahan ang website ng ward ng Yokohama City.

## Paalala

### Orientation ng mga bagong mag-aaral (Pebrero)

Dito ipapaliwanag sa inyo ang pamumuhay sa paaralan, paraan ng pagpasok at pag-uwi, mga dapat ihanda bago magsimula ang klase, pagbabayad ng mga gastusin (bank transfer), at iba pa.
Ang petsa at oras ng orientation ay ipapaalam sa araw ng health check-up ng bata bago pumasok sa paaralan.

### Ang paalala sa enrollment ng elementarya galing sa inyong ward office ay dapat iligpit at ingatan at ipasasa sa paaralan sa araw ng opening ceremony

Yokohama Child and Youth Bureau, Child-Care and Education Human Resources Division, Nursery, Preschool and Elementary School Cooperation ◆
6-50-10 Honcho, Naka-ku, Yokohama.◆TEL 045-671-3731

Inilathala sa Oktubre, 2020

Recyclability Ⓐ
Ang papel na ito ay maaaring i-recycle bilang panibagong printing paper.